SO WHAT

- Para sa iyo, ano ang "Malawakang Komisyon" at papaano ito makakaapekto sa iyo?
- Si Mike Stachura ay nagsabi, "Ang tatak ng isang dakilang iglesiya ay hindi ayon sa laki ng kapasidad ng simbahan kundi sa laki ng kanyang kapasidad magpadala ng manggagawa sa ibang lugar." Sang -ayon ka ba rito o tutol? Bakit?
- Magbigay ng isang paraan kung papaano mo mapapalaganap ang ebanghelyo sa ibang mga bansa.

NOW WHAT

- Nasagot mo na ba ang panawagan na "humayo at magdisipulo sa maraming bansa?" Ibahagi ang iyong karanasan. Kung hindi pa, ano ang humahadlang sa iyo upang tumugon?
- Paano ka mapapasama sa mga pagmimisyon (panalangin, pagbibigay, paghayo)?
- Kalooban mo ba ang magbahagi ng ebanghelyo sa mga ayaw tumanggap nito (hal. *Muslim, Buddhist, Hindu, Atheist*)? Anong pa ang ibang paraan upang makatulong kang abutin sila tao para kay Jesus?

PRAYER

- Ipanalangin na ang bawat mananampalataya ay tumugon sa panawagan na "humayo at magdisipulo ng maraming bansa (sa panalangin, pagbibigay, at paghayo)."
- Ipanalangin ang mga iglesiya na aktibong makibahagi sa pag-abot sa maraming bansa, maging sa maikli man o pangmatagalan, at tumulong sumuporta sa mga misyonero na maipapadala.
- Isipin ang sinumang tumatanggi sa ebanghelyo. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mga praktikal na kaparaanan upang abutin sila ng pagmamahal Niya sa linggong ito.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 1 **FILIPINO**

Bawat Bansa



NOTES

CONNECT

- Magbanggit ng paborito mong awitin, litrato, o *video* na kumalat noong nakalipas na taon.
- Kung mayroon kang kapangyarihan na lumikha ng mabuting mikrobyo na makakahawa sa buong mundo ngayon, ano ito? Bakit?
- Ano ang kasalukuyang uso ngayon na malalaos din sa loob ng limang taon?

WORD

Kaya patuloy na kumalat ang salita ng Diyos. Marami pang taga-Jerusalem ang naging tagasunod ni Jesus, at marami ring pari ang sumampalataya sa kanya.
MGA GAWA 6:7

WHAT

Ang panawagan sa pagtugon sa Malawakang Komisyon na naihabilin ay di lamang para sa mga iilang napili upang humayo at gumawa ng maraming disipulo ngunit ito ay para sa lahat ng mananampalataya at tagasunod ni Kristo Jesus. Nang maunawaan ng mga unang mananalig ang tungkol dito, ang sigla sa pangangalat ng ebanghelyo ay naging nakakahawa na siya na ring dahilan ng paglago ng Iglesiya, pagdami, at paglaganap nito sa buong daigdig. Tayo rin ay tinaguriang "manghahawa" sa pamamagitan ng pagsalin sa iba ng Mabuting Balita. Ano ang mangyayari kung panghahawakan natin at kung tututukan natin ang pagpapatupad ng Malawakang Komisyon?

1 Maraming tao ang maaabot ng Salita ng Diyos.

Kaya patuloy na kumalat ang salita ng Diyos . . . MGA GAWA 6:7

Bawat isa sa atin ay binigyan ng layunin na isasagawa—na humayo at gumawa ng maraming disipulo sa lahat ng mga bansa. Kapag tayo ay tumugon sa panawagan ng Diyos na ibahagi ang Kayang Salita, Siya mismo ang magpapatupad ng panawagang ito. Gaano man kalaki ang gawain na ito sa paningin, ang Kanyang Salita ay hindi babalik sa Kanya nang hindi natutupad (Isaias 55:11). Ang ebanghelyo ay siguradong kakalat bilang pagtugon natin sa panawagan. Papaano mo sinusunod ang panawagan ng Diyos na ipangalat ang Kanyang Salita sa kasalukuyan?

2 Maraming mananampalataya ang madadagdag sa ating bilang.

. . . Marami pang taga-Jerusalem ang naging tagasunod ni Jesus . . .
MGA GAWA 6:7

Sa pagkakahipo sa atin ng Diyos ng Kanyang pagmamahal at katapatan, wala tayong magagawa kundi ipangalat ang ebanghelyo (Mga Gawa 1:8). Bilang pagpapatuloy nating pagsunod sa Kanya sa pagbabahagi ng ebanghelyo, sa mga panalangin, at pagbibigay ng suporta sa maraming bansa, Siya ay matapat na paramihin ang bilang ng mga tagasunod Niya (1 Corinto 3:6). Ang pinakamatindi niyan, ang Diyos ang nagdudulot ng paglago ng simbahan. Anong papel ang ginagampananan mo upang ipatupad ang Malawakang Komisyon: ikaw ba ay nananalangin, tumutulong sa pagbibigay, o ikaw ba ay humahayo? Sino ang iyong inaabot maliban pa sa iyong mga kasama sa simbahan o komunidad?

3 May pag-asa pa para sa mga tumalikod sa ebanghelyo.

. . . at marami ring pari ang sumampalataya sa kanya. MGA GAWA 6:7

Hindi lamang ang mga disipulo ni Jesus ang nakakaunawa ng Malawakang Komisyon, ngunit maging ang mga mahirap abutin. Kayang baguhin ng Diyos ang mga pusong bato na maging pusong may pakiramdam na sa bandang huli ay sila na rin ang aabot sa mga naliligaw ng landas (Ezekiel 36:26). Sa aklat ng Mga Gawa, kahit ang mga Hudyong saserdote na nagpapahirap ng Iglesiya ay naging masunurin din sa pananampalataya. Naranasan mo bang magbahagi sa mga tao ng Salita ng Diyos na hindi basta-basta tumutugon agad? Papaano mo ibabahagi ang ebanghelyo sa kanila?